# ISANG LARAWAN NG PAG-IBIG



Aralin 7 para sa ika-15 ng Agusto, 2026

“Datapuwa't ngayo'y nanatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, ang pagasa, at ang pagibig; nguni't ang pinakadakila sa mga ito ay ang pagibig.” (1 Corinto 13:13)



Kilala ang 1 Corinto 13 bilang "kabanata ng pag-ibig." Hindi nito tinutukoy ang romantikong pag-ibig, ngunit mas malalim na uri ng pag-ibig: banal na pag-ibig.

Ipinaliwanag ni Pablo ng kamanghamangha kung paano maipapakita sa ating buhay ang pag-ibig ng Dios na ibinuhos sa ating mga puso (Rom. 5:5).

Pag-ibig ang nag-uudyok sa likod ng ating mga kilos, ang dahilan kung bakit natin ginagawa ang mga nakakabuti sa nakakasalamuha natin.





# ISANG LARAWAN NG PAG-IBIG

- Ang pagiging mataas ng pag-ibig
  - Pinaka-mainam na paraan
- Ang katangian ng pag-ibig
  - Ang nagagawa ng pag-ibig
  - Ang HINDI nagagawa ng pag-ibig
  - Isang larawan ni Jesus
- Ang pagtityaga ng pag-ibig
  - Ang mga dakilang katangian

# ANG PAGIGING MATAAS NG PAG-IBIG



# ANG PINAKAMAINAM NA PARAAN

"Datapuwa't maningas ninyong nasain, ang lalong dakilang mga kaloob. At itinuturo ko sa inyo ang isang daang kagalinggalingan." (1 Corinto 12:31)




**Anong uri ng pag-ibig ang ipinapakilala ni Pablo sa 1 Corinto 13, at bakit mas mataas ito sa anomang espiritwal na kaloob?** (1 Cor. 12:31-13:3)

Sa Griego, maaraming salita ang tumutukoy sa pag-ibig. Pinili ni Pablo ang *agape* (hindi nag-iisip ng sarili, walang kondisyon, at sumasalamin na pag-ibig, na hinahanap lang ang kapakanan ng iniibig), na pareho sa ginamit ni Juan nang nagsabi sya na "Ang Dios ay pag-ibig" (1 Juan 4:8).



Walang kapakipakinabang na espiritwal na kaloob kung hindi ito ginagamit na nauudyokan ng ganitong uri ng pag-ibig. Sa totoo, lahat ng ating mga kilos at isip ay dapat nahahaloan ng *agape na pag-ibig*.



Binalaan tayo ni Jesus na, dahil sa kasamaan, itong pag-ibig ay lalamig (Mateo 24:12). Ngunit hindi natin dapat hayaan ito na mangyari sa atin, sa ating mga tahanan, o sa ating mga iglesia.

# ANG MGA KATANGIAN NG PAG-BIG

# ANG NAGAGAWA NG PAG-IBIG

"Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; [...] kundi nakikigalak sa katotohanan; Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis." (1 Corinto 13:4-7)

| | | |
|---|---|---|
| Mahaba ang pagtityaga nito | *makrothymeō*: magkaroon ng mahabang espiritu, makatagal, maging matiyaga | Magpasensya at tiisin ang pagkakamali ng iba |
| Mabait ito | *jrēsteuomai* : maging mapagbigay | Ito ay maawain at mahabagin |
| Sumasaya ito sa katotohanan | *synjairō*: magpakita ng awa, bumati | Natutuwa ito sa mga sumusuporta sa katotohanan |
| Kinakaya nito ang lahat | *stegō*: tabunan ng katahimikan (maghintay ng matiyaga) | Tinatago at tumatahimik sa pagkakamali ng iba, hindi ito inihahayag |
| Pinaniniwalaan nito ang lahat | *pisteuō*: magkaroon ng pananampalataya, magbigay ng pagkilala, magtiwala | Hindi ito humahatol, sa halip ay nagbibigay ng posibilidad ng kabaliktaran |
| Inaasahan nito ang lahat | *Elpizō*: maghintay o magtiwala | Laging umaasa na may mangyayaring mabuti |
| Tinitiis nito ang lahat | *hypomenō*: lumaban, magtiis, magkaroon ng katatagan, magtiyaga | Nagtitiis sa mga hirap, pagsubok, at pag-uusig |



# ANG HINDI NAGAGAWA NG PAG-BIG

"[...] ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo; Hindi naguugaling mahalay, hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama; Hindi nagagalak sa kalikuan[...]" (1 Corinto 13:4-7)



| | | |
|---|---|---|
| **Hindi ito naiingit** | ***zeloō*: magkaroon ng nagsusunog na pakiramdam** | **Hindi ito naiingit sa iba na may mga kaloob o katangian** |
| **Hindi nito ipinagmamayabang ang sarili** | ***perpereuomai* : magmayabang, magmalaki** | **Ayaw nitong purihin ng iba** |
| **Hindi ito mayabang** | ***fysioō*: maging mayabang, mapagmataas** | **Wala itong pasobrang pagtingin sa sarili** |
| **Hindi ito bastos** | ***asjēmoneō*: kumilos ng hindi tama** | **Hindi ito gumagawa ng higit sa tamang pagkilos** |
| **Hindi ito makasarili** | ***zēteō*: maghanap** | **Nagpaparaya ito para sa kabutihan ng iba** |
| **Hindi ito iritable** | ***paroxynō* : humasa ng nakakairita, magudyok o gumalit** | **Hindi ito magalitin o sensitibo** |
| **Hindi ito nag-iisip ng masama** | ***logizomai* : maghanap** | **Nagpapatawad ito at kinakalimutan ang mga pagkakamali ng iba** |
| **Hindi ito masaya sa pagkakasala** | ***jairō*: maging masaya, matuwa, o maganda ang pakiramdam** | **Hindi ito natutuwa sa pagkakamali, sa halip ay naghahangad na itama sila** |

# ISANG LARAWAN NI JESUS

"Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo." (Juan 15:12)

Tiniis Nya ang mga hagupit, insulto, at paghamak (Mat. 27:27-31)

**Mahaba ang patitiyaga Nya**



Inaalala Nya ang lahat na nagdurusa

**Mabait Sya**



Itinuro Ny ang katotohanan ng malinaw at may pananalig

**Nagagalak Sya sa katotohanan**



Hindi Nya hinatulan ang babae at pinatawad sya (Juan 8:10-11)

**Nagtityaga Sya sa lahat**



Nagtiwala Sya sa katapatan ni Zachaeus (Lk. 19:8-9)

**Naniniwala Sya sa lahat**



Naghanda Sya ng 12 lalaki para sa "imposibleng" misyon

**Inaasahan Nya ang lahat**



Tiniis Nya ang gutom, pagtakwil, sakit, at pag-uusig

**Tinitiis Nya ang lahat**



# ISANG LARAWAN NI JESUS

"Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo." (Juan 15:12)

**Hindi Sya naghahangad ng dangal, at nakisama sa mga mababa**

Hindi Sya nainggit



**Bagaman Hari Sya ng Uniberso, hindi Nya ito ipinagmalaki**

Hindi Nya ipinagyabang ang sarili



**Handa Syang gumawa ng pinakamababang trabaho**

Hindi Sya mayabang



**Iginagalang Nya ang lahat at itinuturing ng angkop**

Hindi sya masungit



**Ginagawa Nya lagi ang kalooban ng Kanyang Ama (Jn. 6:38)**

Hindi Sya nag-iisip ng para sa sarili



**Kahit na sinaktan Sya, ay magalang parin syang sumagot (Juan 18:22-23)**

Hindi Sya magalitin



**Inihingi Nya ng tawad ang mga nagpako sa kanya sa krus (Lk. 23:34)**

Hindi Sya nag-iisip ng masama



**Nagalit sya sa mga kurap na Pariseo (Mt. 23:27-28)**

Hindi Sya natutuwa sa kasamaan




# ANG PAGTITYAGA NG PAG-IBIG

# ANG PINAKADAKILA SA LAHAT NG KATANGIAN

"Datapuwa't ngayo'y nanatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, ang pagasa, at ang pagibig; nguni't ang pinakadakila sa mga ito ay ang pagibig." (1 Corinto 13:13)

Ipinapakita sa kilos ng mga taga Corinto ang hindi ginagawa ng pag-ibig: mainggitin sila; mayabang; walang taros; hindi maayos makitungo; makasarili; magalitin; mapagmuhi; at hinahayaan nila ang kasalanan.



Gaya nila, dapat nating iwanan ang mga pagkakamaling ito at lumago sa pag-ibig, gaya ng itinuturo sa atin ni Pablo, upang magamit ng tama ang mga espiritwal na kaloob. Inaanyayahan nya rin tayo na manatili sa dalawa pang katangian: pananampalataya at pag-asa.





At kung dumating si Jesus, hindi na makikita ang kasalanan, at tatamuhin natin ang buhay na walanghanggan kasama Nya. At, hindi na kailangan ang propesiya, mga wika, at ibang kaloob, kasama ng pananampalataya at pag-asa. Ngunit ang pag-ibig at mananatili magpakailanman (1 Corinto 13:8).

"Ang Dios ay pag-ibig. Ang pag-ibig ng Ama at ng Anak ay katangian ng bawat mananampalataya. Ang Salita ng Dios ay instrumento kung saan ipinapahayag ang pag-ibig sa tao. Ang katotohanan ng Dios ay tulay sa pag-abot sa karunungan. Ang Banal na Espiritu ay ibinigay sa taong nagpapapagamit at nakikipagtulungan sa mga banal na manggagawa. Binabago nito ang isip at karakter, upang ang tao ay manatili gaya ng nakakakita sa Kanya na hindi nakikita. Maeenjoy lang ang perpektong pag-ibig sa pamamagitan lamang ng paniniwala sa katotohanan at sa pagtanggap sa Banal na Espiritu."

EGW (Our Father Cares, October 9)